

ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG
LUNGSOD NG LONG BEACH SA PAGPAPATIBAY NG
PATAKARAN NG ACCESS SA WIKA

KUNG SAAN, ang Konseho ng Lungsod ay nagnanais na bumuo ng isang anyo ng pamahalaan na tunay na sumasangkot sa lahat ng residente nito; at

KUNG SAAN, ang Lungsod ng Long Beach ay dedikado sa paghatid ng epektibo, magalang at mabilis tumugon na mga serbisyo; at

KUNG SAAN, ang Kodigo ng Pamahalaan ng California Seksyon 7290 *et seq.*, na kilala din bilang Batas ng Serbisyong Bilingual ng Dymally-Alatorre, ay humihiling na ang bawat lokal na pampublikong ahensiya na nagbibigay serbisyo sa maraming bilang ng mga tao na hindi nagsasalita ng Ingles, ay mag-employo ng sapat na bilang ng kwalipikadong bilingual na tao upang ilagay sa mga posisyon ng pakikipag-ugnayan; at

KUNG SAAN, inaalam at tinitiyak ng Konseho ng Lungsod na ang kaligtasan, kalusugan, ari-arian at pangkalahatang kapakanan ng publiko ay lalong pag-iibayuhin ng mga probisyon ng Patakarang ito na siyang nagtatatag ng mga pamantayan at pamamaraan na kaugnay sa pag-access ng mga residenteng hindi matatas sa Ingles sa mga programa at serbisyo ng Lungsod;

SAMAKATUWID, ipinasya ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Long Beach ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Pinagtatibay ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Long Beach ang Patakaran ng Access sa Wika, isang kopya na inilakip dito bilang Eksibit "A" at ibinilang na bahagi nito bilang reperensiya.

Seksyon 2. Ang resolusyong ito ay dapat magkabisang kaagad pagkatapos itong pagtibayin ng Konseho ng Lungsod, at ang Klerk ng Lungsod ang siyang magpapatunay ng boto ng pagpapatibay sa resolusyong ito.

///

///

///

Pinatutunayan ko na ang nabanggit na resolusyon ay pinagtibay ng Konseho
1 ng Lungsod ng Lungsod ng Long Beach sa pulong nito noong Agosto 13 ,
2 2013 sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

3 **Ayes:** **Mga miyembro ng Konseho:** Lowenthal, Schipske, Andrews, Johnson,
4 Austin, Neal, O'Donnell. _____
5

6
7 **Noes:** **Mga miyembro ng Konseho:** wala.
8

9 **Nakaliban:** **Mga miyembro ng Konseho:** Garcia, DeLong.
10

11
12 
13

14 Klerk ng Lungsod
15
16
17
18
19
20
21
22
23
24
25
26
27
28

Patakarang ng Lungsod ng Long Beach sa Access sa Wika (\$453,567)

Mga Nalaman at Layunin

Napag-alaman at idineklara ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach, na mayroong mga tao na nakatira, naghahanap-buhay, at nagbabayad ng mga buwis sa Lungsod ng Long Beach, na hindi epektibong makapagsalita ng Ingles dahil ang kanilang pangunahing wika ay hindi Ingles. Mahalaga na ang mga residente, anuman ang kanilang kahusayan sa Ingles, ay magkaroon ng access sa mga programa at serbisyo ng Lungsod. Itinatatag ng Patakarang ito ang mga pamantayan at mga pamamaraan sa pagbibigay ng pantay na access sa mga serbisyo at programa ng Lungsod sa lahat ng mga residente, kabilang ang mga limitado ang kasanayan sa Ingles. Hinihigitan ng Patakarang ito ang kahilingan ng estado sa ilalim ng Batas ng Serbisyong Bilingual ng Dymally-Alatorre, Kodigo ng Pamahalaan 7290 *et seq.*, na karaniwang humihiling sa estado at lokal na pampublikong mga ahensiya na nagbibigay ng serbisyo sa maraming bilang ng tao na limitado ang pagsasalita ng Ingles na magbigay ng mga serbisyo at mga materyal sa (mga) wikang sinasalita ng mga taong iyon, hangga't mayroong pondong magagamit. Alinsunod sa 2009-2011 Surbey sa Amerikanong Komunidad 3-Taong Pagtantiya, ang mga residenteng nagsasalita ng Espanyol ay kwalipikado sa ilalim ng depinisyon ng Estado. Gayunpaman, batay sa dami ng bilang ng mga residenteng Cambodian at Pilipino na limitado ang pagsasalita ng Ingles, inirerekomenda ng mga kawani na ang LAP ay maikapit din sa mga populasyon ng Cambodian at Pilipino sa Long Beach.

Mga Depinisyon

Tulad ng ginamit sa Patakarang ito, ang mga sumusunod na terminong malaki ang titik ay may sumusunod na mga kahulugan:

- (a) Ang "Lungsod" ay dapat mangahulugan na Lungsod ng Long Beach.
- (b) Ang "Departamento" ay dapat mangahulugan ng anumang departamento ng Lungsod na maaaring italaga ng Tagapamahala ng Lungsod.
- (c) Ang "Taong Limitado ang Pagsasalita ng Ingles" ay dapat mangahulugan ng tao na hindi mahusay magsalita ng Ingles o hindi epektibong makapagsalita ng Ingles dahil ang Ingles ay hindi pangunahing wika ng indibidwal.
- (d) Ang "Malaking Bilang ng mga Taong Limitado ang Pagsasalita ng Ingles" ay dapat mangahulugan ng tatlong porsiyento (3%) o higit pang Mga Taong Limitado ang Pagsasalita ng Ingles na naninirahan sa Lungsod na nagsasalita ng ibang wika maliban sa Ingles
- (e) Ang "Bilingual na Empleyado" ay dapat mangahulugan na isang empleyado ng Lungsod na may kahusayan sa wikang Ingles at wikang hindi Ingles na sinasalita ng tatlong porsiyento (3%) o higit pang mga Taong Limitado ang Pagsasalita ng Ingles na naninirahan sa Lungsod
- (f) Ang "Pwesto ng Posisyon sa Pakikipag-ugnayan" ay dapat mangahulugan ng isang posisyon, ito man ay klerikal, panserbisyo, propesyonal o sinumpaang anyo, na nagbibigay-diin sa pagbati, pagpupulong, pakikipag-ugnayan, o pagbibigay ng impormasyon at/o mga serbisyo sa publiko bilang pagganap sa mga tungkulin ng posisyong iyon.
- (g) Ang "Sapat na Bilingual na Empleyado" ay dapat mangahulugan ng bilang ng mga empleyado na kailangan upang maglaan ng parehong antas ng mga serbisyo sa mga Taong Limitado ang Pagsasalita ng Ingles na ibinibigay sa mga taong nagsasalita ng Ingles na naghahanap ng anumang serbisyo ng Lungsod.

Bilingual na Kawani

- (a) Lahat ng mga posisyon sa pakikipag-ugnayan publiko ay dapat na may access sa direktoryo ng kwalipikadong bilingual na kawani. **(\$55,000)**
- (b) Ang mga departamento ay dapat magbahagi sa mga empleyado ng mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon sa lahat ng mga departamento kung kailangan.
- (c) Wala sa nilalaman nito ang dapat ipakahulugan na nagpapahintulot o humihiling ng pagsisante, pagbababa sa posisyon, o paglilipat ng sinumang empleyado ng Lungsod ng Long Beach upang maipatupad ng Patakarang ito.

Pagsasalin ng mga Materyal

- (a) Ang Tagapamahala ng Lungsod ay dapat magtatag o kumuha ng mga serbisyo ng pagsasalin para sa layunin ng pagsasalin sa mga nasusulat na materyal para sa mga departamento ng Lungsod at sa paglalaan ng mga pagsasalin para sa mga pampublikong pagpupulong kung kailangan. Ang Tagapamahala ng Lungsod ang magpapasiya kung anong mga materyal ang kailangan.
- (b) Sa pagpapasiya ng Tagapamahala ng Lungsod at hangga't mayroong pondong magagamit, ang mga departamento ng Lungsod ay maaaring mag-alok na isalin ang sumusunod na mga nasusulat na materyal na nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa publiko tungkol sa mga serbisyo at mga programa ng Departamento. **(\$90,984)**
 - (1) Mga nakasulat na materyal na ipinamamahagi sa publiko kabilang ang, subalit hindi limitado sa, mga polyeto, at mga materyal sa pagpapalawak.
 - (2) Mga aplikasyon o mga form upang lumahok sa programa o aktibidad ng Departamento o upang tumanggap ng mga benepisyo o serbisyo nito.
 - (3) Mga paunawa na nag-aabiso sa mga taong limitado ang kakayahan sa Ingles ng libreng tulong sa wika.
 - (4) Mga materyal na nagpapaliwanag ng mga serbisyo o mga programa ng Departamento.
 - (5) Mga anunsiyo ng pampublikong serbisyo, mga opisyal na pahayag, mga babala sa komunidad at materyal ng kampanyang pang-edukasyon.
 - (6) Mga form para sa reklamo.
 - (7) Ang main website page ng bawat departamento ay dapat na mayroong nakasulat na paunawa ukol sa pagsasalin ng materyal.
 - (8) Anumang iba pang mga nasusulat na dokumento na may potensyal na matukoy ang pagiging kuwalipikado sa, o access sa, mga serbisyo ng, o lumahok sa, programa ng isang departamento ng Lungsod.

(Ang mga sumusunod na departamento na kasalukuyang naglalaan ng isinalin na nasusulat na materyal: Abugado ng Lungsod, Klerk ng Lungsod, Tagapamahala ng Lungsod, Tagausig ng Lungsod, Mga Serbisyong Sibil, Serbisyo sa Pagpapaunlad, Sunog, Daungan, Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Human Resources (Pacific Gateway), Mga Serbisyong Aklatan, Gas at Langis ng Long Beach, at Pulisya.)

- (c) Ang mga departamento ay dapat magpaskil ng mga paunawa sa mga pampublikong lugar ng kanilang mga pasilidad na nagpapakilala sa kawani na nagsasalita ng mga wikang itinakda sa Patakarang ito. Ang mga paunawa ay dapat ipaskil nang malaki at dapat na madaling makita ng publiko. **(\$8,851)** *(Ang Departamento ng Pulisya ng Long Beach ay nagbibigay ng nakapaskil na paunawa sa mga pampublikong lugar ng kanilang mga pasilidad na nagsasabi na may available na interpretasyon.)*

Pampublikong Pagpupulong at Paglilitis (\$109,125)

- (a) Ang mga Komisyon at Departamento ng Lungsod ay hindi dapat hilingan na isalin ang mga paunawa, agenda, o mga nota ng mga pagpupulong. Sa agenda at nota ng mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at Komisyon, ang isang pahayag ay dapat isama sa iba't ibang wika, ayon sa ipinasiya ng Tagapamahala ng Lungsod, na ang impormasyon ay makukuha kapag hiniling sa wikang itinakda ng Patakarang ito.
- (b) Ang binibigyan interpretasyon ng anumang pampublikong pagpupulong o paglilitis na ginaganap ng Konseho ng Lungsod o ng Komisyon ng Charter City ay dapat ilaan kung hiniling nang hindi bababa sa pitumpung-dalawang (72) oras nang mas maaga sa pagpupulong o paglilitis na didinggin. Sa mga pagpupulong ng Konseho at Komisyon ng Lungsod ang karagdagang oras ng pagsasalita ay dapat ibigay kapag kailangan ng pagsasalin.

(Ang mga sumusunod na departamento ay naglalaan ng interpretasyon sa mga pampublikong pagpupulong kapag hiniling: Abugado ng Lungsod, Klerk ng Lungsod, Tagapamahala ng Lungsod, Tagausig ng Lungsod, Serbisyo sa Pagpapaunlad, Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Mga Parke, Libangan at Marina, at Pulisya.)

Nakarekord na Mensahe sa Telepono (\$79,607)

Lahat ng mga Departamento ay dapat magpanatili ng mga nakarekord na mensahe sa telepono sa wikang itinakda ng Patakarang ito. Ang mensahe ay dapat na naglalaman ng pangunahing impormasyon tungkol sa operasyon ng Departamento kabilang ang, sa pinakamababa, oras ng transaksyon, (mga) lokasyon, mga serbisyong inaalok at mga paraan ng pag-access sa mga nabanggit na serbisyo, at ang pagkakaroon ng tulong sa wika.

(Ang sumusunod na mga departamento ay nagpapanatili ng nakarekord na mensahe ng telepono sa Ingles at Espanyol: Serbisyo sa Pagpapaunlad, Tagausig ng Lungsod at Serbisyong Pangkalusugan at Pantao.)

Pangangalap

- (a) Dapat na maging patakaran ng Lungsod na isapubliko ang pagbubukas ng trabaho para sa mga Pwesto ng Posisyon sa Pakikipag-ugnayan ng Departamento nang mas malawak hangga't maaari. Para sa bawat Pwesto ng Posisyon sa Pakikipag-ugnayan kung saan ang bilingual na kapasidad ay kailangan, ang trabaho ay dapat ianunsiyo bilang bilingual na posisyon kung saan ang bilingual na kakayahan sa pakikipag-usap ang mas kailangan na kasanayan sa trabaho.
- (b) Dapat maging patakaran ng Lungsod na makapanghikayat ng maraming kwalipikadong bilingual na aplikante para sa mga bukas na trabaho upang madagdagan ang mga oportunidad na makahanap ng kwalipikadong Bilingual na Empleyado na pupuno sa mga Pwesto ng Posisyon sa Pakikipag-ugnayan.
- (c) Ang pagsisikap ng bawat Departamento sa pangangalap ay dapat naaalinsunod sa sertipikasyon na proseso Lungsod sa pagpili ng bilingual.

(Ang Serbisyong Sibil ay nagbibigay ng sertipikasyon ng bayad sa bilingual na kakayahan sa mga kwalipikadong empleyado ng Lungsod at ang Human Resources nag-a-awtorisa sa pagbabayad ng bilingual na kakayahan kapag may sertipikasyon. Gayon iniaanunsiyo ang mga bukas na trabaho na nangangailangan ng bilingual na kapasidad.)

Pagmomonitor at Istruktura (\$110,000)

Ang Tagapamahala ng Lungsod ang dapat na responsable sa pagmo-monitor at pagpapabilis sa pagpapatupad ng Patakarang ito at pag-update nito sa Konseho ng Lungsod dalawang beses kada taon.

Paggamit sa mga Menor de Edad Bilang Tagapagsalin (Walang Gastos)

Hindi hinihimok ng Lungsod ang mga indibidwal na Limited English Proficient (LEP) [Limitado ang Kaalaman sa Ingles] na gumamit ng mga kaibigan, mga miyembro ng pamilya o mga batang mababa sa labingwalo (18) bilang tagapagsalin. Ang mga indibidwal na LEP na naghahanap ng mga hindi emergency na serbisyo, tulong o impormasyon mula sa Lungsod ay dapat abisuhan tungkol sa Language Access Policy (LAP) [Patakaran ng Access sa Wika] ng Lungsod. Maghahanap muna ang Kawani ng Lungsod ng mga empleyadong tumatanggap ng sahod para sa kakayahang bilinggwal sa mga wika ng LAP upang tulungan ang mga indibidwal na LEP kapag naghahanap ang mga indibidwal na LEP ng mga serbisyo, tulong o impormasyon mula sa Lungsod. Kung ang isang empleyadong tumatanggap ng sahod para sa kakayahang bilinggwal ay hindi available, samakatuwid ay gagamit ng Linya ng Wika ang kawani ng Lungsod kung available.

Kasalukuyang walang batas na nagbabawal sa paggamit ng mga bata o menor de edad bilang mga tagapagsalin. Sisikapin ng Lungsod na magbigay ng mga serbisyo sa pagsasalin kapalit ng paggamit ng mga menor de edad bilang mga tagapagsalin, lalo na sa mga pagkakataong ang mga pinag-uusapan at impormasyon ay lampas sa pang-unawa ng mga bata, hindi angkop o hindi para sa mga bata. Layon ng LAP na limitahan ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga tagapagsalin, habang ang lahat ng kagawaran ay magkaka-access na kumuha ng maaaring magsalin sa Espanyol, Khmer at Tagalog. Ang mga Kagawaran ng Pulisya at Bombero ay madalas na nakakasalamuha ang mga bata, at may mga access na sa Linya ng Wika, na maaaring gamitin bilang isang alternatibo. Maliban sa mga sitwasyong maaaring sensitibo sa oras o kinakailangan, o sa paghiling ng indibidwal, sisikapin ng mga Kagawarang hindi gumamit ng mga menor de edad bilang mga tagapagsalin at, sa halip, gumamit ng mga elemento ng LAP.

Samakatuwid, ang mga menor de edad ay hindi gagamitin bilang mga tagapagsalin maliban sa mga emergency na pangyayari. Ang mga "emergency na pangyayari" ay tinukoy bilang mga sitwasyong nangangailangan ng paglihis mula sa mga pamamaraan, tulad ng isang pagbabanta sa kalusugan, seguridad o ari-arian. Ang mga halimbawa ng mga emergency na pangyayari ay, ngunit hindi limitado, sa kahit anong pagtugon o pagtawag sa serbisyo ng bombero/pulisya, kawalan ng bahay, kawalan ng mga benepisyo o mga pagtanggap ng utility. Ang paggamit ng mga menor de edad sa emergency na pangyayari ay dapat limitahan sa mga inisyal na komunikasyon upang mapagaan ang emergency. Kapag natapos na ang emergency na sitwasyon, ang Lungsod ay dapat maghanap ng isang angkop na alternatibo.

**Pinakamaiging
Pagsisikap
(\$726,800)**

Ang Lungsod ay dapat gumawa ng pinakamahasag na pagsisikap para sa sumusunod:

- (a) Ang mga Departamento ay dapat umupa ng sapat na bilang ng bilingual na empleyado sa mga Pwesto ng Posisyon sa Pakikipag-ugnayan upang sapat na mapagsilbihan ang mga kabilang sa wika na itinakda sa Patakarang ito. Ang Tagapamahala ng Lungsod ang magpapasiya ng pagiging sapat ng mga serbisyo. **(\$658,112)**
- (b) Ang mga Tauhan ng Pamublikong Kaligtasan ay dapat tumugon sa mga tao sa kanilang pangunahing wika na itinakda sa Patakarang ito. **(Hindi matiyak ang dami sa panahong ito.)**
(Ang mga sumusunod na departamento sa kasalukuyan ay gumagamit ng Linya ng Wika: Sunog at Pulisya.)
- (c) Ang kawani na gumaganap bilang mga interpreter o tagapagsalin ay dapat na sinanay ukol sa naaangkop na mga pamamaraan at etika may kaugnayan sa interpretasyon at pagsasalin. **(\$55,725)**
- (d) Ang malawakang pagbibigay-alam ng Patakaran ng Lungsod sa Access sa Wika ay dapat ipakalat, sa mga wikang itinakda ng Patakarang ito, kabilang ang paunawa sa website ng Lungsod, upang malaman ng mga miyembro ng komunidad ang kanilang mga karapatan alinsunod sa Patakaran. **(\$12,963)**
- (e) Ang pagsasalin ay dapat ilaan para sa mga nasusulat na paunawa ng mga multa o karapatan sa, pagpapasiya ng pagiging kuwalipikado sa, pagkakaloob ng, pagtutol sa, kawalan ng, o pagkaunti ng benepisyo, serbisyo ng o programa ng Lungsod, kabilang ang karapatan na mag-apela sa anumang desisyon ng Departamento. **(Hindi matiyak ang bilang sa panahong ito.)**
- (f) Ang pagsasalin ay dapat ilaan para sa mga opisyal na karatula ng lungsod kabilang ang mga ruta ng paglikas at mga karatula ng mapagkukunan ng lungsod. **(Hindi matiyak ang bilang sa panahong ito.)**
- (g) Makipag partner sa mga etnikong grupo sa lokal na komunidad upang tumulong sa pagsasalin at pangangalap ng impormasyon sa espisipikong mga mamamayan. **(Hindi matiyak ang bilang sa panahong ito.)**